DEPARTMENT OF ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES
KAGAWARAN NG KAPALIGIRAN AT LIKAS YAMAN

BAGONG PILIPINAS

MAR 19 2024

**TANGING ATAS**
**BLG. 2024- 157**

**PAKSA : PAGSASAGAWA NG SEMINAR SA KORESPONDENSIYA OPISYAL (SKO) SA IKA- 20-21 NG MARSO 2024**

Sa interes ng serbisyo publiko at bilang bahagi ng pagpapaigting ng pamahalaan sa malawakang implementasyon ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 335, na nag-aatas sa lahat ng kagawaran, opisina, ahensiya, at mga instrumentalidad ng pamahalaan na gamitin ang Filipino sa mga opisyal na transaksiyon at komunikasyon, pinahihintulutan ang pagsasagawa ng Seminar sa Korespondensiya Opisyal na nakatakda sa Marso 20-21, 2024 sa Tamaraw Hall ng Bulwagan Ninoy sa Ninoy Aquino Parks and Wildlife Center, Lungsod ng Quezon. Ito ay pangungunahan ng mga dalubhasa sa wika mula sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

Ang mga dadalo sa seminar ay mula sa mga sumusunod:

A. Mga Serbisyong Tanggapan -Sentral na Opisina (12)

1. Opisina ng Pangalawang Kalihim, Larangan ng Operasyon-Mindanao -1
2. Opisina ng Pangalawang Kalihim, Policy, Planning, International Affairs (OUPPIA)-1
3. Legislative Liaison Office (LLO)-1
4. Serbisyo sa Pagpapaunlad ng Human Resource (HRDS)-2
5. Serbisyo ng Foreign Assisted at Espesyal na Proyekto (FASPS)-1
6. Dibisyon ng Pampublikong Impormasyon (PID)-1
7. Dibisyon ng Komunikasyon sa Pag-unlad (DCD)-1
8. Dibisyon ng Pangangasiwa ng mga Stakeholder at Pagsasaayos ng Alitan (SMCRD)-3
9. Telecom Unit sa ilalim ng Dibisyon ng Pangkalahatang Paglilingkod (GSD)-1

B. Mga Kawanihan (6)

1. Land Management Bureau-1
2. Ecosystem Research and Development Bureau-1
3. Forest Management Bureau-1
4. Biodiversity Management Bureau-1
5. Environment Management Bureau-1
6. Mines and Geosciences Bureau-1

C. Mga Ahensiyang Kaugnay (6)

1. National Mapping and Resource Information Authority-1
2. Laguna Lake Development Authority-1

3. National Water Resources Board-1
4. Natural Resources Development Corporation-1
5. Palawan Council for Sustainable Development-1
6. Philippine Mining Development Corporation-1

D.Magpapadaloy ng seminar mula sa KWF (6)

Ang lahat ng gastos sa pagkain at mga gamit sa seminar ay manggagaling sa pondo ng Dibisyon ng Pangangasiwa ng mga Stakeholder at Pagsasaayos ng Alitan (SMCRD) ayon pinaiiral na mga tuntunin ng akawnting at pag-aawdit.

Ang dibisyon ng SMCRD ay magsusumite ng ulat (bit.ly/LNDportal) tungkol sa naganap na seminar sa loob ng labing limang (15) araw pagkatapos nito.

Ang lahat ng kalahok sa seminar ay makakatanggap ng Katibayan ng Paglahok kapag makumpleto ang dalawang araw na seminar.

Ang mga Pangalawang Kalihim sa Larangan ng Operasyon ay awtorisadong baguhin ang petsa at lugar ng seminar sakaling hindi matuloy ang mga taong magbibigay ng kaalaman at patnubay at/o hindi aayon sa ibang nakatakdang gawain sa Kagawaran.

Ang kautusang ito ay magiging epektibo sa petsang nakasaad dito.

**AUGUSTO D. DELA PEÑA**
Undersecretary for Organizational
Transformation and Human Resources